PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 11 MAY 9 - 15, 2022 10.00

# 80 SEEDLINGS OF VARIOUS TREE SPECIES PLANTED IN IMUS CITY, CAVITE

**A total of 80 tree seedlings were planted along the roadside of ACM Homes Subdivision in Imus City, Cavite this Saturday.**

DENR PENRO Cavite, through its Production Forest Management Unit (PFMU), participated in the tree planting activity led by the ACM Landholdings Incorporated. The activity aims to contribute to a greener earth and to support the initiatives that promote environmental preservation through the National Greening Program (NGP).


#TayoAngKalikasan

The proper handling and planting of seedlings were demonstrated to the participants and key officials of ACM to ensure a high survival rate.

Planted species include 16 Jaracanda, six (6) Tabebuia Rosea, six (6) Golden Shower, five (5) Caballero, and 47 In-




## 9-TAONG GULANG , NALUNOD SA ISANG WATERFALLS RESORT SA INDANG; 2 IBA PA, SUGATAN

Isang siyam na taong gulang na bata ang nalunod, habang dalawa pa ang nasugatan sa isang waterfalls resort sa Indang, Cavite matapos na masira ang mga nakatambak na sandbag sa kahabaan ng tubig dahil sa mataas na agos nito.

Ayon sa ulat ng "24 Oras" nitong Lunes, huling nakita ang biktima na kinilalang si Gabriel Rubillos habang nakikipaglaro sa ibang mga bata sa St. Anthony Falls bandang alas-2 ng hapon nitong Linggo.



Matapos mangyari ang insidente ay narekober ng mga awtoridad ang bangkay ni Rubillos na lumulutang halos isang kilometro mula sa lugar kung saan siya tinangay.

“Nag-collapse po ang barricade na nilagay nilang sako…That’s the reason why nagkaroon po ng pagbaha,” pahayag ni Police Major Ernesto Caparas, Jr., Acting police chief ng Indang PNP.

“Baka po sa current ng tubig at dami ng tao bumigay ang barricade nila,” dagdag pa niya.

Ang naturang St. Anthony Falls ay pinamamahalaan ng Barangay Tambo Malaki sa bayan ng Indang.

Batay sa mga opisyal ng barangay, nakikipag-ugnayan na sila sa pamilya ng biktima at sa iba pang nasugatan sa insidente.

“Nangako naman po sila na kung obligasyon po na kailangan ng pamilya ay kanilang tutugunan,” ani Caparas, Jr.

Sa kasalukuyan ay ipinasara na ng lokal na pamahalaan ng Indang ang talon habang patuloy ang imbestigasyon ng mga awtoridad para malaman kung may dapat managot sa insidente.

Source: GMA news

Photo: Screengrab from Ejay Catibayan's video

## SOUTH KOREAN FUGITIVE, ARESTADO NG CIDG CAVITE

Tiklo sa isinagawang operasyon ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at Bureau of Immigration's Fugitive Search Unit (BI - FSU) ang isang South Korean na umano'y scammer at sangkot sa kasong pagpatay.

Ayon kay CIDG Director MGen. Eliseo Cruz, ang nasabing Korean fugitive ay kinilala bilang si Jan Young Jin, 38, na nagtatago sa Pilipinas at mayroong standing warrant of arrest sa South Korea dahil sa pangsscam ng aabot sa P1.5 milyon sa pamamagitan ng voice phishing.

Sangkot din umano ang nasabing suspek sa pagpatay sa kapwa niya Koreano na si Yoon Su-min noong Enero 16, 2022 sa Parañaque City.

"Mayroon silang birthday celebration doon ng magkakaibigan, nagkaroon sila ng heated argument (ni Yoon), nagkaroon sila ng fistfight, nagkataon na 'yung kaibigan niya ay napuruhan niya, nagkaroon ng head trauma," pahayag ni Police Lieutenant Colonel Bryan Andulan, hepe ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Cavite.



Ayon sa mga awtoridad naging matagumpay ang isinagawang operasyon dahil sa pakikipag-ugnayan ng Philippine National Police sa Korean National Police Agency.

"These criminals who come to the Philippines and try to escape prosecution from their countries cannot evade arrest forever. Our Korean counterparts assigned in the Philippines work as much if not more than our CIDG personnel to assure the safe arrest and deportation of the suspects," ani MGen. Eliseo Cruz.

Source: The Manila Times

Photo: screencap from GMA News

#GoPhilippines

#GoCavite

ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# Tubig Ang Lunas Sa Sakit Mo




Payo ni Doc Willie Ong

Mag-ingat sa maduduming water o contaminated water. Puwede itong makamatay. Kapag madumi ang tubig na nainom mo, puwede kang magka-typhoid, diarrhea at hepatitis A. Delikado ang mga sakit na ito. Huwag makipagsapalaran at baka tayo ma-ospital. Alam kong medyo mahal, pero uminom ng bottled water o purified water lamang.

Ano ang mga klase ng tubig?

1. Tubig sa poso o spring – Ang tubig na galing dito ay nakatago sa ilalim ng bato at lupa. Dahil dito, may halo itong minerals tulad ng calcium at magnesium. Okay lang ito kung malinis ang pinanggalingan.

2. Mineral water – Nakabote itong tubig pero galing din sa poso o spring water. May minerals ito tulad ng calcium at magnesium na mabuti naman sa katawan. Pero dapat mag-ingat lang ang mga may sakit sa bato (kidney stones).

3. Distilled water – Kapag distilled water, mababa na ito sa minerals. Ligtas ito at paborito kong inumin.

4. Purified water – Ang ibig lang sabihin ay dumaan ang tubig sa isang purifier o pansala. Basta malinis ang mga tubig, puwede naman inumin.

Paano ang tamang pag-inom ng tubig?

Kailangan ng katawan ang 8 hanggang 12 basong tubig sa maghapon. Sa mga kababaihan, wala pong tawad! Dahil kung hindi ay baka kumulubot ang iyong kutis at mukha. Panlaban sa wrinkles ang pag-inom ng sapat na tubig.

Nililinis din ng tubig ang mga dumi natin sa katawan. Makaiiwas tayo sa pagkakaroon ng sakit sa bato at impeksiyon sa kidney. Nakababawas din ng pangangasim ng iyong sikmura kung regular ang pag-inom mo.

Kapag kulang ka sa tubig, mahihirapan ang iyong utak at hindi ka gaanong makakaisip. Baka ma-dehydrate ka, lalo na sobrang init sa Pilipinas.

Kapag nanunuyo ang iyong mata, lalamunan o ilong, huwag bumili agad ng gamot. Uminon muna ng maraming tubig.

Tandaan, uminom ng tubig kahit hindi ka nauuhaw. Ang mga may edad ay hindi gaanong nakararamdam ng uhaw, kaya painumin sila ng tubig.

Tubig lang ang pinaka-healthy sa lahat. Huwag uminom ng soft drinks, iced tea, alak at kape. Lalo ka lang mauuhaw sa mga iyan.

Isang paalala lang: Sa mga may altapresyon at sakit sa puso, magtanong muna sa inyong doktor bago uminom ng maraming tubig.

Huwag magreklamo kung ihi kayo ng ihi. Isipin lang na nailalabas mo ang mga dumi sa iyong katawan. Masama po ang magpigil ng ihi dahil baka magka-impeksyon ka. Tubig lang ang sadyang sagot sa karamdaman mo. Good luck po.

# EDITORIAL

## Huwag magpadala ng OFWs sa Saudi

Tama si Labor Sec. Silvestre Bello III na suspendihin ang pagpapadala ng overseas workers sa Saudi Arabia hangga't hindi natatapos ang problemang kinasasangkutan ng isang Saudi employer na nagmamaltrato sa mga Pilipino. May katwiran si Bello na kapag inalis ang deployment ban puwedeng maulit ang ginawa ng abusadong heneral. Ang gusto ni Bello ay maprotektahan ang mga Pinoy sa Saudi. Ayaw na niyang maulit ang mga pagmamalabis at pagpapahirap ng mga Saudi employer na ang mga trabahador na Pilipino ay hindi pinasusuweldo pero sobra-sobra ang trabaho.

Pero hindi naman yata nalalaman ng bagong talagang Migrant Workers Secretary ang nangyaya-ring pang-aabuso ng mga Saudi employer kaya -ipinag-utos na alisin ang deployment ban. Noong Abril 25, isang department order ang inisyu ni Department of Migrant Workers (DMW) Secretary Abdullah Mama-o na nag-aalis sa deployment ban. Ginawa ito ni Mama-o sa kabila na ang kanyang tanggapan ay hindi pa lubusang nabubuo dahil kasasabatas pa lamang ng Republic Act 11641. Sa ilalim ng RA 11641, ang Philippine Overseas Employment Administration (POEA) ay sasanib sa Department of Migrant -Workers. Sa kasalukuyan wala pang budget ang DMW. Kaya wala pang pagbabagong dapat gawin ang DMW sa ilalim ni Mama-o.

Nagsimula ang deployment ban sa Saudi noong Nobyembre 2021 nang magreklamo kay Bello ang 16 na OFWs na pinagmamalupitan ng Saudi -General na nagngangalang Ayedh Thawah Al-Jealid. Ayon sa mga Pinoy, mula pa noong 2019 ay hindi sila pinasusuweldo ni Al-Jealid. Ang -matindi ayon sa mga Pinoy, bukod sa hindi sila pinasusuweldo, nakakaranas pa sila ng pananakit kay Al-Jealid. Maimpluwensiya umano ang heneral kaya patuloy sa ginagawang pagmamaltrato sa kanila. Galit na galit si Bello at nakipag-ugnayan sa mga awtoridad sa Saudi Arabia pero nagmamatigas pa rin daw ang general. "Matigas ang lintik na general," sabi ni Bello.

Iyon ang ugat kaya ipinatigil niya ang pagpapadala ng OFWs sa Saudi Arabia.

Ipagpatuloy ni Bello ang unang direktiba na huwag magpadala ng OFWs sa Saudi Arabia. Baka mas mala-lang problema ang mangyari kung magpapatuloy ang deploy-ment. Lutasin muna ang problema bago ituloy ang deployment. Tama ang kanyang ginagawa kaysa hakbang ng DMW.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

## Pag-import ng pagkain ikagugutom kinalaunan


Sa rami ng fastfood restaurants sa Pilipinas hindi naka-kagulat na milyon-milyong burger, hotdog at pirasong manok ang nakakain araw-araw. Nararapat lang na sa Pilipino bumili ng beef, pork at chicken ang mga restaurateur. Sa pagtangkilik nila sa lokal kikita ang magbabaka, magba-baboy, magmamanok at suppliers ng pagkain. Lalago ang hanapbuhay sa kanayunan. Sa paglaki ng mga operasyon- makikinabang ang mga taga-lungsod: gumagawa ng ma-kina, damit, home appliances, gamit pang-konstruk-syon at pambahay, gamot, sasakyan, atbp. Gan'un umiikot at umaangat ang ekonomiya.

Sa pagtangkilik din ng mamimili sa lokal na ani kumi-kita ang magpapalay, maggugulay at magpuprutas. Kapalit nakakabili rin sila ng mga galing sa siyudad. (Ang milyong- mga Chinese, Korean at Hapon sa Pilipinas ay sa kani-lang bansa bumibili ng pansit, kimchi at toyo.)

Kung i-boycott ng mga Pilipino ang imported na galung-gong, tulingan, bonito, mackerel at sardinas, sasagana ang kita ng maliliit na mangingisda at commercial fleets. La-lago rin ang fishpens at ponds sa pagtangkilik sa ba-ngus at tila-pia. Masaklap na ang imported na isda ay galing sa China, na nagnanakaw ng daan-milyong kilo sa dagat ng Pilipinas-. Binubundol pa at sinasaktan ang mga Pilipino sa laot.

Kakitiran ng pag-iisip ang pag-import ng gobyerno ng pag-kain. Panandaliang napapasaya ang mamimili sa siyu---dad. Pero sa kalaunan sila rin ang mawawalan ng trabaho at negosyo kung namulubi ang mga nagtatanim, nag-papalaki at nanghuhuli ng pagkain.

Pinalalala pa ng smuggling ang problema. Sa puslit na karne, gulay at prutas nawawalan ng buwis ang




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER'Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher
**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager
**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## 16 violent election-related incidents recorded in 4 months

MANILA – A day before 67.5 million Filipino troop to polling centers, the Philippine National Police (PNP) confirmed 16 validated cases of violent election-related incidents (ERIs) across the country since the election period started on January 9 with the gun ban.

In a virtual press conference on Sunday, PNP spokesperson Col. Jean Fajardo said the number was much lower than 133 in the 2016 national and 60 in the 2019 mid-term polls.

Gun ban violators and confiscated firearms were likewise 50 percent lower than in the two previous elections.


Overall as of Sunday, 3,081 have been arrested and 2,459 firearms were seized.

The latest additions to violent ERIs were two shooting incidents on Saturday among supporters of rival mayoral candidates.

Four died in Magsingal, Ilocos Sur, while 24 were arrested in General Tinio, Nueva Ecija.

Fajardo said the general situation and assessment for Monday's elections is still "green" or generally peaceful with a few isolated incidents.

"We are not discounting any possibility. All contingencies are in place for all possible scenarios and we identified the number of personnel needed. Checkpoints are established and we have more than 40,000 personnel deployed," she said.




*PNP-Comelec checkpoint*

"We also have a security and quick reaction team and convoy for the transport of election paraphernalia," Fajardo added.

All campaign activities ended on Saturday and the liquor ban is in effect Sunday and Monday.

The PNP National Election Monitoring and Action Center reported 92 percent completion of delivery of official ballots to 1,635 Treasurer's Offices for further distribution to 37,113 polling centers, Fajardo said.

PNP officer-in-charge, Lt. Gen. Vicente Danao Jr., assured that the 225,000-strong police force would ensure peaceful, orderly, and credible elections.

"Sa mga nagbabalak mandaya (Those who plan to cheat in the elections), just a stern warning sa inyo ito (to you), we will use the full force of the law against you, at kung mahuli kayo pasensya, siguradong may pagkakalagyan kayo (if you get caught, you will face the full force of the law)," said Danao, who will replace Gen. Dionardo Carlos who turns 56 Sunday.

## UTANG NG PILIPINAS, LUMOBO NA SA P12.68-T NITONG MARSO

Isa sa pinakamabigat na problemang kakaharapin ng susunod na administrasyon ay ang patung patong na utang ng gobyerno na pumalo na sa P12.68 trilyon nitong katapusan ng Marso sa kasalukuyang taon.

"For the month [of March], P586.29 billion, or 4.8% of the total debt portfolio was added primarily due to the net issuance of government securities to both local and external lenders," pahayag ng Bureau of Treasury (BTr) nitong nagdaang Huwebes.



Sa kabuuan, naitala ng Treasury ang P8.87 trilyong panloob na utang o domestic loans (69.9%) habang P3.91 trilyon naman para sa panlabas na utang o foreign borrowings.

Tinatayang nasa mahigit P590 bilyon naman ang bagong utang na na-incur ng bansa simula ng sumapit ang taong 2022.

"Total [National Government's] guaranteed obligations decreased by P5.16 billion or 1.2% month-over-month to P411.04 billion as of end-March 2022," paliwanag muli ng BTr.

"The lower level of guaranteed debt was due to the net repayment of both domestic and exernal guarantees amounting to P0.76 billion and P1.55 billion, respectively." dagdag pa nito.

Ang nasabing halaga ay muling maituturing na 'record-high' sa kasaysayan ng Pilipinas. Matatandaang ang malaking porsyento ng nasabing mga utang ay inilaan para sa COVID-19 response ng pamahalaan.




## GUHIT NG KAPALARAN

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Mauubos ang oras na walang mangyayari kung aasa ka sa iba. Kung gustong matapos ang gawain, kumilos kahit mag-isa. Huwag aksayahin ang panahon kahit ang iba ay ayaw tumulong. Sariling kapakanan ang dapat bigyan ng prayoridad. Lucky numbers at color for the day ang 2, 12, 24, 39 at Pink.

GEMINI: (Abr. 21-Hun. 21) Ang problema sa relasyon kung dedma lang ay walang solusyon. Patuloy ang paghihirap ng minamahal mo. Lucky numbers at color for the day ang 1, 13, 27, 39 at Yellow.

CANCER: (Hun. 2-Hul. 22) Mag-ingat sa mga bibitiwang salita dahil may masasaktan na damdamin. Maging tagapakinig kaysa tagapagsalita. Lucky numbers at color for the day ang 6, 25, 31, 44 at Blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Hindi dapat ipilit sa kanya kung ano ang ayaw, dahil pagmumulan ito ng hindi pagkakaunawaan at malamang hahantong sa away. Lucky numbers at color for the day ang 5, 10, 23, 35 at Red.

VIRGO: (Ago. 23-Set. 23) Maging praktikal sa sa-sabihin kung ano ang gustong sabihin. Maka-kabuting ilabas ang sama ng loob kaysa kinikimkim. Lucky numbers at color for the day ang 5, 16, 22, 30 at Royal blue.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Kung magmumukmuk dahil sa problema, pinahihirapan mo lamang ang iyong sarili. Tanggapin ang pagkakamali. Lucky numbers at color for the day ang 5, 18, 29, 38 at Peach.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) May mga pagbabago kang dapat gawin. Kung ito ay magagawa, lalandasin ang tamang daan ng kaunlaran. Lucky numbers at color for the day ang 3, 9, 26, 37 at Navy blue.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Kung inaakalang ikaw ang nagkamali at gustong magkipagbati, huwag mahiyang ikaw ang unang lumapit. Lucky numbers at color for the day ang 8, 16, 29, 30 at Cream.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Iwasang makagawa ng bagay na makakasakit sa kalooban ng minamahal. Dahil hahantong sa matagal na tampuhan. Lucky numbers at color for the day ang 2, 17, 36, 45 at Green.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Mas magiging maayos ang sitwasyon kung magrerelaks o mamasyal para makasagap panibagong enerhiya. Lucky numbers at color for the day ang 3, 17, 26, 41 at White.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) May darating na suliranin ngunit madali mong malulutas. Sapat ang determinasyon para malampasan ito. Lucky numbers at color for the day ang 12, 25, 37, 42 at Fuchsia.

ARIES: ( Mar. 21- Abr. 19) Isang tao ang aakit ng atensiyon. Bago ma-in love, alamin muna ang pinanggalingan at pagkatao niya. Lucky numbers at color for the day ang 12, 16, 29, 41 at Brown.

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 11 MAY 9 - 15, 2022 10.00

# DepEd dares Pacquiao to name officials involved in corruption

MANILA – The Department of Education (DepEd) on Sunday said Senator Manny Pacquiao must not stop with just allegations of corruption in the agency.

Instead, the presidential candidate must identify the corrupt officials he accused during the Commission on Elections-Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (Comelec-KBP) panel interview aired Friday.

"To allege wrongdoing, unsupported by specific facts or without naming names, is tantamount to false accusation," the DepEd said in a statement.

Pacquiao said the quality of education is not improving due to corruption while DepEd funds are not properly utilized.

"Hindi lang po ako nagsasalita, pero alam ko po ang mga nangyayari dyan sa DepEd. Ayaw ko lang ibulgar ngayon. Pagdating ng panahon, eh alam ko na kung paano ko halungkatin 'yan at itutuwid (I prefer to be quiet for now but I know that there is something happening within DepEd. I just don't want to divulge it now. Time will come, I know how to dig into it and we will correct that)," Pacquiao said during the taped interview.

DepEd said Pacquiao, as a public servant, has "every right, legally and morally, to assail and question the wrongdoings in the government and put to question whatever wrongdoing, any person or instrumentality of the government for that matter in his quest to eradicate graft and corruption in the bureaucracy".

DepEd was displeased though that Pacquiao did not identify the education officials whom he alleged receive commissions amounting to 40 percent of the projects' cost.

"When asked to identify, he demurred," the DepEd said.

DepEd said that as a senator and a candidate for the highest office in the land, Pacquiao should name names and not rely on generalities to put down the whole institution which is a key part of the elections.

"Even as the Comelec is the foremost agency tasked with the electoral process, behind every polling precinct and canvassing center are teachers and DepEd officials and employees," the agency stated.

With 948,270 teaching personnel in total and more than 27 million learners, the DepEd said condemning the entire educational institution "is very dangerous and might affect public impressions of the integrity of the upcoming electoral results".

"While there might still be bad eggs within the organization, the leadership of the Department has seen fit to charge these known implicated and remove those found guilty. It is not, therefore, the time to condemn the whole institution," it added.

The DepEd said Pacquiao has been in office for more than nine years and "cannot claim to be morally blameless if the allegation of corruption is true, as self-righteousness is consuming".

"The Good Book instructs "let any one of you who is without sin cast the first stone," it added.

If elected, Pacquiao said his administration will prioritize the review of all government contracts to ensure there are no irregularities.

During the Comelec-KBP interview, Pacquiao vowed to investigate and cleanse the internal operations of the Department of Social Welfare and Development, Department of Health, and Department of Agriculture.

The retired world

# 3,304 NA ESKWELAHAN SA CALABARZON, MAGSISILBING VOTING CENTERS SA GAGANAPING ELEKSYON 2022



Tinatayang nasa 3, 304 paaralan sa iba't ibang munisipalidad at bayan sa CALABARZON ang gagamitin ng Commission on Elections (Comelec) para sa gaganaping halalan sa Lunes, Mayo 9, 2022.

Ayon sa Comelec, ang bawat voting centers ay mayroong limang clustered precints kung saan maaaring bumoto ang mga rehistradong botante.

Inaasahan umano ang pagdagsa ng mga botante sa mga voting centers ngunit tiniyak naman ni Atty. Rafael B. Olaño, Comelec Region 4-A Regional Election Director, na magiging ligtas ang isasagawang halalan ngayong taon.

Aniya, may mga nakatalagang medical personnel sa bawat polling precints na silang mangunguna sa pagpapatupad ng minimum public health standards.

"May staff na magsisiguro ng pagpapatupad ng COVID-19 protocols. Sa mga polling precincts ay magkakaroon din po tayo ng medical personnel na silang kukuha ng temperatura ng mga botante," paliwanag ni Olaño.

Mayroon din umanong 'isolation polling place' para sa mga botanteng makakakitaan ng posibleng sintomas ng sakit na COVID-19.

Magsisimula ang botohan sa ganap na alas-6 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi sa darating na Lunes.

Source: PIA

